Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Intramuros, Manila

MENSAHE

Ang tema ng Araw ng Paggawa sa taong ito, *Sa Sipag, Tiyaga, at Talino, Buong Mundo Saludo sa Manggagawang Pilipino!,* ay malinaw na nagpapahayag ng damdaming Pilipino at maging nang saloobin ng ibang bansa para sa ating mga manggagawa.

Sa araw na ito, nagpupugay tayo sa kanilang sipag, tiyaga, at dedikasyon hindi lamang bilang manggagawa, kundi bilang mamamayang Pilipino--matatag, mapagpunyagi, at tunay na maaasahan.

Likas sa bawat mangggagawang Pilipino ang pagiging masipag, mahusay, at mapamaraan. Madali silang matuto. Kaya naman, patuloy silang umaani ng respeto at pagkilala, dito sa bansa at sa maraming bahagi ng daigdig. At dahil sa hindi matutumbasan ang kanilang ambag sa patuloy na pag-unlad ng Pilipinas, ang tanging araw na ito ay iniaalay natin sa kanila. Pinararangalan natin ang kanilang pagiging isa na matibay na haligi ng ating lipunan.

Sa Araw ng Paggawa, nakikiisa sa sambayanang Pilipino ang buong Kagawaran ng Paggawa at Paghahanapbuhay sa pagkilala sa lahat ng manggagawang Pilipino sa kanilang patuloy na pagganap sa tungkulin at paglinang sa kanilang kakayahan, galing, at husay na siya nating ikinararangal bilang isang tanging lipi.

Mabuhay ang manggagawang Pilipino at isang mapagpalang Araw sa inyo!

ROSALINDA DIMAPILIS-BALDOZ
Kalihim